Paglaganap ng COVID-19

New Jersey Economic Development Authority (NJEDA)(Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya ng New Jersey, NJEDA)

Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) - Yugto 3

Abiso ng Pagkakaroon ng Available na Pondo: Magbubukas ang mga aplikasyon para sa mga restawran sa ika-9:00 am sa Huwebes, Oktubre 29, 2020. Magbubukas ang mga aplikasyon para sa mga micro business sa ika-9:00 am sa Biyernes, Oktubre 30, 2020. Magbubukas ang mga aplikasyon para sa lahat ng karapat-dapat na negosyo sa ika-9:00 am sa Lunes, Nobyembre 2, 2020. Dapat na magpaunang parehistro ang mga aplikante bago mag-ika 5pm sa Martes, Oktubre 27, 2020.

Pangkalahatang ideya

Sa Marso 9, 2020, nag-isyu si Gobernador Phil Murphy ng Executive Order 103, na nagdedeklara ng State of Emergency at Public Health Emergency para paigtingin ang mga pagsisikap ng New Jersey na mapigilan ang COVID-19. Ipinatupad ang sunod-sunod na mga hakbang sa pagpigil, kasama na ang mga paghihigpit sa mga pagtitipon ng publiko at mandatong pagsasara ng mga hindi mahahalagang negosyo. Habang ang mga hakbang na ito ay kaayon ng katulad na mga hakbang na ginagawa sa buong bansa na inaasahang maglilimita sa pagkahantad ng publiko sa COVID-19, na nagkaroon na at patuloy na magkakaroon ng hindi mabuting epekto sa ekonomiya ng ating estado.

Sa Marso 26, 2020, inaprobahan ng New Jersey Economic Development Authority (NJEDA) ang paggawa ng Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) - isang programa ng pagbibigay ng pondong pang-emerhensya para magbigay ng pondo sa mahusay at mabilis na paraan hangga't posible sa mga partikular na maliit at katamtamang laki na mga negosyo, hal., sa mga negosyo at hindi pang-negosyo (small and medium sized enterprises, SME), na kailangan ng payroll at suporta sa kapital para sa makapagpatuloy dahil sa hindi mabuting epekto sa ekonomiya pasimula noong Marso 9, 2020 na deklarasyon ng State of Emergency at Public Health Emergency.

Nakapokus ang unang yugto ng programang pagkakaloob sa maliliit na negosyo sa mga piling industriya na pinakanaapektohan dahil sa mga hakbang sa pagpigil. Gumamit ang NJEDA ng $5 milyon mula sa sarili nitong hindi limitadong pera, kasama ng $2 milyong pondo na iniambag ng Casino Reinvestment Development Authority (CRDA) (Awtoridad sa Pagpapaunlad ng Muling Pamumuhan ng Casino, CRDA) bilang pagsuporta sa mga naapektohang entidad sa Atlantic County, para pondohan ang orihinal na Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program). Gumamit ang ikalawang yugto ng programang pagkakaloob ng $45 milyong pondo mula sa Coronavirus Relief Fund, na itinatag sa ilalim ng Federal Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act, na may hindi gaanong mahigpit na mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat para tulungan ang mas malaking bilang ng SMEs.

Ang paggamit ng $70 milyon sa karagdagang pondo mula sa Coronavirus Relief Fund, ipinapatupad na ngayon ng NJEDA ang ikatlong yugto ng Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program), na may hindi gaanong mahigpit na mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat at

bagong nakalaan para lamang dito na mga nakalaang pondo para sa mga restawran at maliliit na negosyo.

Layunin

Ang layunin ng Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) - Yugto 3 ay para magbigay ng panandalian at agarang payroll at working capital support sa karagdagang SME ng New Jersey na naapektohan ng idineklarang state of emergency, sa gayon ay makakatulong para mapatatag ang kanilang mga operasyon at mabawasan ang anumang potensyal na pansamantalang hindi pagpapapasok at/o pagtanggal ng mga empleyado.

Sa ilalim ng unang yugto ng programa, ang pagiging karapat-dapat ay para lamang sa mga negosyo na may hindi lalampas sa 10 Empleyado ng buong oras (Full Time Employee, FTE). Sa Yugto 2, dadagdagan ang dami ng pagiging karapat-dapat ng empleyado tungo sa hindi lalampas sa 25 FTEs. Sa Yugto 3, higit pang dadagdagan ang cap sa pagiging karapat-dapat ng empleyado tungo sa hindi lalampas sa 50 FTEs.

Hinigpitan ng unang yugto ng programa ang pagiging karapat-dapat para lamang sa mga entidad na nagpapatakbo ng kanilang negosyo sa ilalalim ng mga piling industriya ayon sa ipinasya ng code ng Pag-uuri ng Industriya sa Hilagang America (North American Industry Classification, NAICS). Gaya ng sa Yugto 2, sa Yugto 3, hindi hihigpitan ng NAICS code ang programa, hindi kasama dito ang ilang partikular na ipinagbabawal na mga negosyo gaya ng binalangkas sa ibaba, at magiging available rin ang pondo sa mga negosyong nakabase sa tahanan at mga solong pagmamay-ari na rehistrado sa ilalim ng unang yugto ng programa. Isa pa, lahat ng 501(c) na mga hindi pangnegosyong entidad ay magiging karapat-dapat, hindi kasama dito ang mga organisasyon na ang pangunahing gawain ay mang-impluwensya sa politaka.

Mga Paggamit ng Pagiging Karapatdapat

Sa ilalim ng Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) -Yugto 3, maaaring gamitin ang pondo para reimbursement ng nawalang kita dahil sa resulta ng pagkagambala sa negosyo na dulot ng COVID-19 at maaaring hindi gagamitin para sa mga gastusing kapital, kabilang na ang konstruksyon.

Ipagkakaloob na Halaga

Ang Yugto 1 at Yugto 2 ng Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) ay gagamit ng katulad na pamamaraan sa pagkalkula ng grant award, na may halagang $1,000 available kada FTE, kagaya ng iniulat sa pinakabagong WR-30 na nai-file sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development. Sa Yugto 3, sa halip na kalkulahin ang mga grant award ayon sa batayang kada FTE, ipipirmi na ang laki ng award batay sa FTE bands and industry, ayon sa tsart sa ibaba. Higit pa rito, sa halip na gamitin ang pinakabagong WR-30 para tiyakin ang laki ng award, isang pinakamaraming bilang ng aplikante ng FTE mula sa nakalipas na anim na quarter ng WR-30 filing ang gagamitin, pinatataas ang potensyal na award. Ang isang kompanya na solong pagmamay-ari o hindi nagkaroon ng mga FTEs para sa bawat isa sa anim

na quarter, ay makakatanggap ng pinakamababang ipagkakaloob na halaga ayon sa talaan sa ibaba.

Para sa layuning pagkalkula ng halagang ipagkakaloob, anumang ipinapahiwatidg na mga kalkulasyon ng FTE ay ira-round sa pinakamalapit na FTE, hal., 2.49 FTE ay kukwentahin bilang 2 FTE para sa programa, at ang 2.50 FTE naman ay kukwentahin bilang 3 FTE. Bagaman ang kalkulasyon ng FTEs ay ibabatay sa mga linggong ipinagtrabaho at mga sweldo, ayon sa iniulat sa WR-30 filing, sa kalagayan kung saan walang pangyayaring nakatanggap ng ipagkakaloob na pondo ang isang kompanya batay sa bilang ng FTEs na lumampas sa bilang ng mga empleyadong namamasukan sa kompanya sa yugto ng pagpa-file, maliban nalang kung isang solong nagmamay-ari o iba pang nag-a-apply na intidad ang walang FTEs, maaaring karapat-dapat ito sa pinakamababang grant award. Para sa mga intidad na tulad ng solong pagmamay-ari, makikipagtulungan ang NJEDA kasama ng Division of Taxation sa Department of Treasury sa pagtukoy ng katayuan pag-file ng buwis.

Ang laki ng award para sa mga negosyong "Mga Serbisyong Pagkain at mga Lugar na Inuman" sa NAICS ay pasimula sa 722

FTE band	**Laki ng award**
5 FTEs o mas kaunti, kabilang na ang mga negosyong walang FTEs	$10,000
6-25 FTEs	$15,000
26-50 FTEs	$20,000

Laki ng award para sa mga micro-business

FTE band	**Laki ng award**
5 FTEs o mas kaunti, kabilang na ang mga negosyong walang FTEs	$5,000

Laki ng award para sa ibang maliliit na negosyo

FTE band	**Laki ng award**
6-25 FTEs	$10,000
26-50 FTEs	$15,000

Mga Karapat-dapat na Aplikante

Ang mga negosyong naaprobahan para sa pagkakaloob ng pondo sa ilalim ng Yugto 1 o Yugto 2 ng Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) ay magiging karapat-dapat para sa pondo ng Yugto 3. Hindi maaapektohan ng pondong matatanggap sa Yugto 1 o 2 ang laki ng award kung saan karapat-dapat ang mga negosyo na makatanggap sa Yugto 3 (maliban kung nabawasan ang hindi natugunan ng mga negosyo ang pangangailangan bago mangyari ang pagkakaloob).

Dapat na may pisikal na lokasyong pangkomersyo ang karapat-dapat na mga SME sa Estado ng New Jersey (hal., opisina, lugar na pinagbebentahan, bodega, pasilidad ng pagawaan, atbp.), at dapat na nasa New Jersey ang mga negosyong nakabase sa tahanan. Lahat ng hindi pangnegosyong entidad na inorganisa sa ilalim ng Internal Revenue Code section 501(c) ay magiging karapat-dapat, hindi kabilang dito ang mga organisasyong ang pangunahing gawain ay politikal na pang-eempluwensya.

Kabilang sa mga ipinagbabawal na negosyo ang, pero hindi limitado sa: pasugalan o mga gaming activity; pagsasagawa o pamamahagi ng "adulto" (hal., pornograpiko, malaswa, pang-aakit sa sekso, mahalay o katulad masasamang gawain) mga gawain, serbisyo, produkto o materyal (kabilang na ang hubad o medyo hubad na mga performance o pagbebenta ng mga pantulong o device sa pagtatalik); anumang subasta o pagkabangkarote o pagkasunog o "pagkawala ng pangungupahan" o katulad na mga pagbebenta; mga benta sa pag-transient ng mga produkto, Pagbebenta ng mga christmas tree o iba pang imbakan sa labas; at anumang gawain na nagdudulot ng istorbo; o anumang iligal na mga layunin.

Dapat na patunayan sa sarili ng CEO/katulad na posisyon ng bawat karapat-dapat na SME na ang kompanya ay:

- Tumatakbo na noong Pebrero 15, 2020 (kaayon ng Paycheck Protection Program ng pederal na ipinatupad ng Small Business Administration);

- Gagawa ng buong pagsisikap na hindi pagpahingahin o sisantihin ang sinumang indibidwal pasimula sa panahon ng aplikasyon hanggang sa anim na buwan pagkalipas ng pagwawakas ng diniklarang State of Emergency noong Marso 9, 2020 (ang mga SME na nagsagawa na ng pagpahinga o pagsisante ng mga manggagawa mula sa panahon ng aplikasyon ay dapat na gagawa ng buong makakaya na mangangakong muling iha-hire ang mga manggagawa sa lalong madaling panahon) - anumang paglabag sa materyal sa buong pagsisikap nito na sertipikasyon ay maaaring magresulta sa NJEDA ng paghahanap ng muling pagbabayad ng kaloob;

- Naapektohan nang husto ng COVID-19 na idiniklarang State of Emergency noong Marso 9, 2020 (hal., pansamantalang nagsara, kinailangang magbawas ng oras, hindi bababa sa 20 porsyentong pagbaba ng kita, naapektohan dahil sa mga empleyado na hindi makapagtrabaho dahil sa paglaganap ng sakit, o may supplier ng materyales na hindi makapag-deliver na nagresulta ng bumagal na antas ng produksyon); at

- May materyal at pinansyal na pangangailangan na hindi malalampasan nang wala ang kaloob na emerhensyang tulong na pondo sa panahong ito (hal., walang sapat na reserbang cash na makakasuporta sa SME sa panahong ito ng pagkasira ng ekonomiya).

Karagdagan pa, dapat na magpakita ng ebidensya ang karapat-dapat na SME, sa panahon ng aplikasyon, na nakarehistro ang SME para magnegosyo sa Estado ng New Jersey, may mabuting katayuan sa New Jersey Department of Labor and Workforce Development, at nakakatugon sa kinakailangan ng Division of Taxation sa Department of Treasury para tiyakin na ang aplikante ay walang utang na buwis sa Estado. Maaaring ipresenta ang ebidensya sa anyong sertipikasyon ng aplikante, napapasailalim sa muling pagbabayad kung hindi wasto ang sertipikasyon.

Bawat karapat-dapat na SME ay maaaring magsumite ng isang aplikasyon kada Employer Identification Number, hal., ang mga SME na may higit sa isang Employer Identification Numbers (EINs) ay makapagsusumite ng isang aplikasyon kada EIN; at, ang mga negosyong may higit sa isang lokasyon pero isa lang ang EIN ay magkakaroon ng limitadong isang aplikasyon (sa ilalim ng solong EIN).

Panghuli, may karagdagang kinakailangan sa pagiging karapat-dapat na maaaring ilapat, na ibabatay sa anumang angkop na mga kinakailangan ng Pederal na nauugnay sa Federal Coronavirus Aid, Relief, and Economic Security (CARES) Act, maaaring kasama ang, pero hindi limitado sa paghihigpit sa pagdodoble ng mga benepisyo na posibleng magtanggal ng mga posibleng aplikante na nakakatanggap ng tulong ng Pederal, gayundin ng kinakailangan na dapat higit pang maipakita ng aplikante na naapektohan ito nang husto ng COVID-19.

Pagpondo ng Pambayad

Pondo na lubusang maibabayad sa mabilis na paraan pagkaaprobang pagkaaproba ng aplikasyon ng pagkakaloob (grant application).

Sa $70 milyon sa Coronavirus Relief Fund na available na pondo, irereserba ang mga pondo para sa epesipikong uri ng mga negosyo ayon sa sumusunod na paraan:

- **Mga Restawran:** Irereserba ang $35 milyong pondo para suportahan ang mga negosyong inuri bilang "Mga Serbisyong Pagkain at mga Lugar para sa Inuman" na may mga NAICS code pasimula sa 722 (inilarawan sa dokumentong ito bilang "Mga Restawran"), dahil sa hindi timbang na epekto na nararanasan ng mga negosyong ito dahil sa COVID-19, kabilang na ang mga limitasyon sa pagkain sa mismong lugar at di-pangkaraniwang mga gastusin na nararanasan dahil dito para maisabay nila ang kanilang mga business model para sa ligtas na operasyon. 33 porsyento ng pondo sa kategoryang ito ang gagamitin para suportahan ang mga entidad na may commercial business address na matatagpuan (buo o bahagi lamang) sa census tract na karapat-dapat na piliin bilang New Jersey Opportunity Zone (hal., isang New Market Tax Credit census tract).
- **Mga Micro-businesses:** $15 milyong pondo ang irereserba para suportahan ang mga negosyo na nagkaroon ng 5 o mas kaunting FTE sa pinakamarami nitong bilang ng FTE sa nakalipas na anim na quarter ng WR-30 fillings (kabilang na ang mga negosyong walang FTE), kung iisipin ang natatanging pinansyal na kahinaang nararanasan dahil sa COVID-19 ng mga micro-business, na kadalasang may mas mababang pinansyal na reserba. 33 porsyento ng pondo sa kategoryang ito ang gagamitin para suportahan ang mga entidad na may commercial business address (o address sa tahanan o mga negosyong nakabase sa tahanan) na matatagpuan (buo o bahagi lamang) sa census tract na karapat-dapat na piliin bilang New Jersey Opportunity Zone (hal., isang census tract ng New Market Tax Credit (Bagong Merkado ng Credit sa Buwis).
- **Iba pang maliliit na negosyo:** Ang natitirang $20 milyong pondo ay irereserba para suportahan ang mga negosyo na may 6 hanggang 50 empleyado. 33 porsyento ng pondo sa kategoryang ito ang gagamitin para suportahan ang mga entidad na may commercial business address (o address sa tahanan o mga negosyong nakabase sa tahanan) na matatagpuan (buo o bahagi lamang) sa census tract na karapat-dapat na piliin bilang New Jersey Opportunity Zone (hal., isang census tract ng New Market Tax Credit (Bagong Merkado ng Credit sa Buwis).

Proseso ng Aplikasyon

Dahil sa inaasahang labis ang magsu-subscribe sa programang pagkakaloob na ito, magkakaroon ng **10-araw na yugtong paunang pagpaparehistro** na magpapahintulot sa mga interesadong aplikante ng pagkakataong makapagsumite ng impormasyon ng negosyo at makapag-sign up para matanggap ang aplikasyon sa sandaling live na ito. **Lahat ng aplikante**

ay dapat makibahagi sa paunang pagpaparehistro na ito. Makakatanggap ng impormasyon ang mga aplikanteng nakapagpaunang parehistro sa pamamagitan ng email na naglalaman ng link patungo sa online application at ng panahon kung kailan magiging live na ang aplikasyon. **Dapat kompletohin ang paunang pagpaparehistro bago mag-ika 5pm sa Martes, Oktubre 27, 2020.** ***Para sa mga restawran, magbubukas ang aplikasyon sa ika-9:00 am sa Huwebes, Oktubre 29, 2020 at magsasara sa ika-5pm sa Huwebes Nobyembre 5, 2020. Para sa mga micro business, magbubukas ang aplikasyon sa ika-9:00 am sa Biyernes, Oktubre 30, 2020 at magsasara sa ika-5pm sa Biyernes, Nobyembre 6, 2020. Para sa lahat ng iba pang karapat-dapat na negosyo, magbubukas ang aplikasyon sa ika-9:00 am sa Lunes, Nobyembre 2, 2020 at magsasara sa ika-5pm sa Lunes, Nobyembre 9, 2020.*** Rerepasuhin ng NJEDA ang mga aplikasyon sa paraang first-come, first-served na batayan, batay sa petsa at oras kung kailan natanggap ng Authority ang kompletong pagsusumite ng aplikasyon. Kung lumilitaw na hindi lubos na nagagamit ng mga karapat-dapat na aplikante ang available na pondong natanggap hanggang Nobyembre 9, 2020, posibleng muling buksan ng NJEDA ang paunang pagpaparehistro sa Nobyembre 10, 2020 at posibleng muling buksan ang aplikasyon sa Nobyembre 17, 2020.

Mga Bayarin

Dahil sa pinansyal na kahirapan, walang kokolektahing mga bayarin ang Authority para sa programang ito.

Karagdagang Impormasyon

May karagdagang impormasyon tungkol sa Programa ng Pagkakaloob ng Tulong pang-Emerhensya ng Maliit na Negosyo (Small Business Emergency Assistance Grant Program) - Yugto 3 ang maaaring makita sa http://cv.business.nj.gov